ANGEL OF THE HOLY SPIRIT ACADEMY
FILIPINO 6
Magkasingkahulugan at Magkasalungat

Tukuyin ang magkasingkahulugan ng salitang may salungguhit sa tulong ng pahiwatig na pangungusap. Isulat ang titik ng tamang sagot.

________ 1. *Nababahala* si Carlos dahil sa pagkakasakit ng kaniyang ama.
A. nalulungkot    C. nag-aalala
B. nagagalit    D. naiiyak

________ 2. Hindi na *umimik* ang ina nang marinig ang paliwanag ng anak.
A. nagsalita    C. nagalit
B. nagtanong    D. kumilos

________ 3. Maaga siyang *sumapit* sa tanggapan dahil walang gaanong trapik.
A. umalis    C. nakita
B. dumating    D. lumibot

________ 4. *Masuyo*ng tinulungan ni Carlos ang matandang babae.
A. may pagkainis    C. may pagkatakot
B. may pagkagalit    D. may pagmamahal

________ 5. Inalalayan niyang *sumampa* sa bus ang pasahero.
A. umakyat    C. umupo
B. bumaba    D. lumipat

Isulat ang dalawang salitang magkasalungat sa bawat bilang.

1. Ang kahon ay painot-inot na ipinasok sa isang silid ng unang katulong. Kinabukasan, mabilis na mabilis naman iyong nailipat sa bodega ng ikalawang katulong.

2. Sinasabi ng marami na mapagkumbaba ang panganay nina G. at Gng. Cruz samantalang pasikat ang bunso ng mga ito.

3. Ang dating duwag na mag-aaral ay isa na ngayong matapang na sundalong nakikidigma sa mga kalaban ng bansa.

4. Kanina lamang nakita ko siyang nakatayo sa may bangketa. Bakit nakalugmok na siya ngayon?

5. Ganoon na lamang ang pagtanggi ng batang uminom ng gamot. Subalit kay bilis naman ang pagtanggap niya sa isang supot ng tsokolate.

LIVEWORKSHEETS